



Ang Proyektong Modular Social Housing ay isang transisyonal ng proyektong pabahay sa lipunan na inilunsad ng Konseho ng Serbisyong Panlipunan ng Hong Kong kasama ang pinagsanib na pagsisikap ng magkakaibang tagabigay ng pondo, mga pribadong kumpanya, at mga NGO/panlipunang pangangalakal, na sinusupportahan ng Pamahalaan. Ang proyekto ay gumagamit ng modyular at pinagsamang konstruksyon upang magtayo ng transisyonal na pabahay sa lipunan sa mga hindi ginagamit na lupain na maaaring pansamantalang gamitin. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong tuluyan sa mga naglilipat at mga serbisyong suporta, naglalayon kaming mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga naghihintay ng pampublikong paupahang pabahay ng hindi bababa sa 3 taon at naninirahan sa hindi angkop na paupahang pabahay na hinati-hati. Ang konseho ay kukuha rin ng mga NGO/panlipunang pangangalakal upang mangasiwa at magkaloob ng mga network sa komunidad at mga serbisyong suporta upang matugunan ang mga pangangailangan ng madla, upang mapabuti ang panlipunang kapital ng umuupa at paunlarin ang kanilang kakayahang malayang mamuhay sa komunidad. Ang mga pangunahing layunin nito ay:

- Magbigay ng abot-kayang transisyunal na pabahay sa lipunan sa mga pamilya at taong naghihitay sa pampublikong paupahang pabahay at/ o kasalukuyang naninirahan sa mahirap at kapos na kalagayan sa pabahay upang mapabuti ang kalidad ng kanilang pamumuhay.
- Paunlarin ang kakayahan ng umuupa sa pamamagitan ng pagpapatibay ng suporta ng komunidad para sa kanila, at hikayatin silang mag-ambag sa komunidad.
- Gumamit ng modular at pinagsamang konstruksyon, kung saan pinakamabisa, ekonomiya at makakalikasang paraan, sa pagpapatayo ng mga transisyunal na pabahay sa lipunan sa mga hindi ginagamit na lupain.

Mga Target na Makikinabang

Ang mga Indibidwal o Pamilyang nakakatugon sa mga pamantayan sa ibaba ay karapat-dapat na mag-aplay:

1. Nakatira sa mga hinati-hating pabahay at nakapila sa Pampublikong Paupahang Pabahay (PRH) ng hindi bababa sa 3 taon; O
2. May agarang pangangailangan sa pabahay; At
3. May full-time na trabaho o nag-aaplay para sa Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA);

4. Nakakatugon sa ibang mga tinukoy na mga kundisyon o kahilingang isinulat ng mga tagagawa ng serbisyo

Renta

Ang antas ng renta ay nakalagay sa pinakamataas na antas ng allowance ng renta sa ilalim ng Iskemang Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad O 25% ng kabuuang kita ng sambahayan, alinman ang mas mababa.

Makipag-ugnay sa Amin

Address: Room 505, 5/F., Harcourt House, 39 Gloucester Rd., Wan Chai, Hong Kong

Website: <http://communityhousing.org.hk>

E-mail: housing@hkcss.org.hk

Katanungan: 3596 7128

Sentro ng Serbisyong Suporta para sa mga Etniko Minorya

https://www.had.gov.hk/rru/english/programmes/programmes_comm_sscem.html

Libreng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono ay ibinibigay ng Hong Kong

Christian Service-CHEER:

Kung nangangailangan ka ng anumang suporta para sa serbisyong interpretasyon, mangyaring makipag-ugany sa mga hotline sa ibaba at bangitin na ang iyong mga katanungan ay may kaugnayan sa “Social Housing / Modular Social Housing” para mas madaling makilala ng CHEER. Salamat sa iyo.

Wika	Mga Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi हिन्दी	3755 6877
Nepali नेपाली	3755 6822
Urdu اردو	3755 6833
Punjabi ਪੰਜਾਬੀ	3755 6844
Tagalog	3755 6855
Thai ไทย	3755 6866
Vietnamese Tiếng Việt	3755 6888